# Ang kailangan mong malaman tungkol sa HIV

Ang kahulugan ng HIV ay human immunodeficiency virus. Pahihinain ng sakit ang resistensiya ng isang tao sa pamamagitan ng pagsira sa mahahalagang selyula na lumalaban sa sakit at impeksyon. Maaari itong humantong sa AIDS, malubhang karamdaman at pagkamatay.

Ngunit may magandang balita. Sa wastong pangangalagang medikal, maaaring makontrol ang HIV at ang mga taong mayroon nito ay maaari pa ring mabuhay nang mahaba at malusog na buhay.

**Paano kumakalat ang HIV — at paano ito pipigilan**

Ang sakit ay maaaring maipasa sa pamamagitan ng:

- Sekswal na pakikipagtalik
- Pagbabahaginan ng mga karayom o hiringgilya
- Ina tungo sa sanggol sa panahon ng pagbubuntis, panganganak o pagpapasuso

Narito ang ilang mga tip at kasangkapan na makakatulong sa iyong protektahan ang iyong sarili at ihinto ang pagkalat ng HIV:

- Gumamit ng kondom tuwing makikipagtalik ka.
- Huwag mag-iniksyon ng mga droga o kung gagawin mo ito, huwag makipagbahaginan ng mga karayom, hiringgilya o iba pang kagamitan.
- Ang pre-expose prophylaxis (PrEP) ay isang gamot na iniinom upang mahadlangan ang HIV. Kung nasa panganib ka para sa HIV, tanungin ang iyong tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga (PCP) kung maaaring angkop para sa iyo ang PrEP.
- Kung sa palagay mo ay nahawa ka ng HIV sa nakaraang 3 araw, kausapin ang iyong PCP tungkol sa post-exposure prophylaxis (PEP). Isa itong gamot na iniinom upang mahadlangan ang HIV sa mga sitwasyong pang-emergency.
- Kausapin ang iyong PCP tungkol sa higit pang bagay na maaari mong gawin para maprotektahan ang iyong sarili.

**Mas marami na ngayon ang paraan ng pagsuri ng HIV kaysa dati**

Sarili man itong pagsubok sa mismong lugar mo o paghahanap ng lugar ng pagsusuri, makakatulong kami sa iyo sa paghanap ng paraan na pinakamahusay na gumagana para sa iyo.

At tandaan, ang pangangalaga sa HIV ay maaaring makapagpanatili sa iyong malusog sa maraming taon. Maaari ding mabawasan ng paggamot ang iyong tsansa na maikalat ang sakit sa iba.

Kaya magpasuri na.

United Healthcare Community Plan

# Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa HIV

## Kailan magpasuri

Ang bawat taong may edad na 13-64 ay dapat na magpasuri para sa HIV kahit isang beses lang. Kung ikaw ay buntis o nagpaplano na magbuntis, mahalaga na magpasuri kaagad hangga't maaari para maprotektahan ang iyong sarili at ang iyong sanggol. Maaaring kang magpasuri nang hindi bababa sa isang beses sa isang taon kung ikaw ay:

- Nakipagtalik sa isang kapareha na mayroong HIV, o sa sinumang hindi mo alam ang sekswal na kasaysayan
- Nagkaroon ng higit sa isang kapareha mula noong huling pagsusuri mo sa HIV
- Nakipagbahaginan ng karayom, hiringgilya, o iba pang kagamitan upang mag-iniksyon ng mga droga
- Nakipagtalik kapalit ng droga o pera
- Nagkaroon ng ibang STD, hepatitis o tuberkulosis

Kapag nalaman mo na ang iyong mga resulta sa pagsusuri – negatibo o positibo – makakapagplano ka at ang iyong PCP para matulungan kang manatiling malusog sa hinaharap.

## Maaari kaming makatulong

Ang pagsusuri sa HIV ay mabilis, walang sakit, pribado at makukuha mo nang libre.

Kung mayroon kang mga katanungan o kailangan mo ng tulong sa pag-iskedyul ng appointment, tawagan ang Mga Serbisyo ng Miyembro nang libre sa **1-866-270-5785,** TTY **711**, 7 a.m.–7 p.m., Lunes–Biyernes

**uhccp.com/CA**

Pinagmulan: www.cdc.gov/hiv

© 2021 United HealthCare Services, Inc. Nakalaan ang Lahat ng Karapatan.
948-CST33981_CA 9/21

United Healthcare Community Plan